

21. Ama, aliwin at pagalingin Mo nawa ang mga puso ng mga miyembro ng pamilya na namatayan dulot ng mga aksidente sa trapiko araw- araw sa Cambodia. Nawa ang korapsyon ay mapigilan at ang hustisya ay maibigay para sa mga nabiktima. (Prov. 21:15)

22. Panginoon, bigyan mo nawa ang lider sa China ng kagustuhan at karunungan para mawakasan nila ang sex trafficking doon. Nawa, maraming mga batas ang maipasa at maipatupad laban dito upang ang mga biktima ay makalaya at makasumpong ng kagalangan sa iyo. (Ps. 72:14)

23. Ama naming nasa langit, dalangin namin ang mga kababaihan na nasa mga rural na bahagi ng India na makatanggap ng angkop na atensyong medikal at magkaroon ng magandang kalusugan sa kanilang pagbubuntis. (Exod. 15:26)

24. O Diyos, milyong kababaihan sa Indonesia ang hindi nanampalataya kay Hesus bilang Tagapagligtas at Panginoon. Dalhin Mo nawa sila sa Iyo. (Acts 4:12)

25. Panginoon, dalangin namin na mapuspos ng Banal na Espiritu ang mga manggawa ng TWR Women of Hope sa Japan. Palakasin Mo sila upang makapaglingkod nang may karunungan at kagalakan sa pamamagitan ng biyaya. (Isa. 60:1)

26. Ama, nawa ang 34,000 North Korean na mga refugee sa South Korea ay makapakinig ng mensahe ng ebanghelyo at tanggapin si Hesu Kristo bilang kanilang Tagapagligtas. (Eph. 1:13)

27. O Diyos, bigyan Mo nawa ng karunungan ang mga opisyal ng gobyerno sa Mongolia upang magamit nila ng tama ang pampublikong pondo ng bansa para sa ikakabuti ng tao. (1 Tim. 6:9-10)

28. Panginoon, dalangin namin ang Iyong pagpapala sa mga tagapakinig ng programa ng Women of Hope sa Pilipinas sa wikang Cebuano, Ilocano at Tagalog. Nawa ay maranasan nila ang kalakasan, karunungan at malapit na relasyon sa Iyo. (Isa. 55:11)

29. Maraming mga babaeng tagapakinig ng Women of Hope sa Nepal ay nagnanais na dumalo ng pananambahan ngunit kailangan pa ng permiso mula sa kanilang mga asawa. O Diyos, hipuhin mo nawa ang puso ng kanilang mga asawa, suportahan sila at Ikaw ay kanilang kilalanin. (Ezek. 11:19)

30. Ama, sa China ay maraming balita tungkol sa mga nawawalang kabataan. Ingatan Mo nawa ang mga kabataan at bigyan ng kapayapaan ang mga nangangambang pamilya. (2 Thess. 3:3)

31. Ama, nawa ang mga ina na nagtatrabaho sa Singapore na nahihirapang magbalanse ng oras para sa trabaho at pamilya ay makasumpong ng tunay na kapahingahan sa Iyo sa gitna ng kanilang pagsisikap na kumita ng sapat para matugunan ang mataas na antas ng pamumuhay. (Matt. 11:28-30)

후원안내

국민은행 851-01-0003-724 북방선교방송

최초 입금 후 사무실로 연락 주시기 바랍니다



Women of Hope Prayer Calendar

Ang buwanang Women of Hope prayer Calendar ay sinasalin sa 100 na linguahe at ipinapanalangin ng higit 65,000 na mga tao



2023. 5.

Panalangin para sa mga Babaeng Asyano 1

Ang ating pagkaunawa sa Diyos ang siya na rin na nagiging pagkaunawa natin sa buhay. Kaya mahalaga na malaman at makita natin ang Diyos sa tamang paraan. Ang Diyos ay tunay na mabuting Ama na nagnanais na maibigay sa atin ang pinakamabuti. Kailangan lamang na lumapit tayo sa Diyos sa pamamagitan ng pananampalataya at tingnan ang Kanyang magandang gawain.

TWR Korea 북방선교방송

서울특별시 관악구 양녕로 15, 월드빌딩 6층
전화 (02)886-5671 / 이메일 phkorea@twr.or.kr

Nawa'y ipanalangin po natin...

1. O Diyos, nawa ang mga tagapakinig ng mga programa Women of Hope sa Cambodia ay makapaglaan ng oras at lugar sa kanilang mga buhay upang lumapit sa iyo at sa iyong Salita, gabayan Mo sila sa kanilang pakikinig. (Ps. 32:8)
2. Panginoon, nawa ay magkaroon ng pagbabago sa puso at isip ng mga Chino na hindi nagpapahalaga sa mga kababaihan. Nawa ay may manguna upang matigil ang pang-aabuso at karahasan sa loob ng tahanan laban sa mga kababaihan. (Isa. 60:18)
3. Panginoon, ipagkaloob Mo nawa ang mga pangangailangan ng mga bala sa India na nawalan ng asawa sa panahon ng COVID at walang kinikita para itaguyod at pag-aralin ang kanilang mga anak. (Phil. 4:19)
4. Ama naming nasa langit, nagpapasalamat kami sa ipinagkaloob Mo na mahigit na 80 na mga istasyon ng radyo na nagsasahimpapawid ng Indonesian at Javanese na mga programa ng Women of Hope. (Ps. 71:8)
5. Panginoon, dalangin namin na ang mensahe ng ebanghelyo ay mapakinggan at tanggapin sa kabuoan ng Japan. Nawa ang mga nasa kadiliman ay makatanggap ng kaligtasan na ipinagkaloob ni Hesus. (Isa. 9:2)
6. Ama, nawa ang mga kabataang Koreano na nakararanas ng stress mula sa labis na kompetisyon at karahasan sa kanilang paaralan ay makasumpong ng kapahingahan, kagalakan at kalayaan sa Iyo. (John 8:32)
7. O Diyos, maraming mga tao ang naapektuhan at nagkakaroon ng masamang kalusugan dahil sa polusyon sa hangin sa Mongolia, lalo na ang mga bata. Makasumpong nawa sila ng kagalingan sa pangalan ni Hesus. (Jer. 33:6)

8. Ama, nawa ang mga Filipinong kababaihan na nauwi sa prostitusyon para lang mabuhay ay makakita ng tamang trabaho. Nawa ay maunawaan nila ang kanilang tunay na halaga sa Iyo. (Jer. 29:11)

9. Panginoon, sa pakikinig sa programa ng Women of Hope habang nag-aaral manahi, magbasa, magsulat at iba pa, nawa ay makilala Ka ng mga kababaihan sa Nepal at magkaroon sila ng relasyon sa Iyo kasabay ng kanilang pagsisikap na makatulong sa kanilang pamilya. (John 17:3)

Address: P.O.Box 332 Baguio City 2600.
Website: www.twrphilippines.com
Phone # (074)424 1263/ 0999 774 9660
Facebook: TWR Phils

10. Ama, nawa ay makatanggap ng higit na atensiyon at sapat na aruga mula sa kanilang mga magulang ang mga batang lumaki sa magulong pamilya sa Vietnam (Eph. 6:4)

11. Panginoon, pinupuri Ka namin sa iyong pagtataguyod sa pangkat ng Cambodia TWR Women of Hope sa gitna ng mga paghihirap at sa pagbibigay Mo sa kanila ng kaaliwan at lakas upang hindi sumuko. (Phil. 4:13)

12. Pinupuri ka namin, o Diyos, sa pagkaloob Mo ng bagong producer para sa Chinese na programa ng Women of Hope sa wikang Uyghur! Tulungan Mo nawa siya na matutunan agad ang mga dapat gawin. (Prov. 4:11)

13. Makapangyarihang Diyos, tulungan Mo nawa ang mga babae sa Maharashtra, India, na inabandona ng kanilang asawa na walang legal at pinansiyal na suporta. (Isa. 41:10)

14. Panginoon, tulungan mo nawa ang aming pangkat sa Indonesia na makalikom ng pondo sa kanilang lugar upang masubaybayan at mapaglingkuran ng mas malalim ang mga tagapakinig ng programa. (2 Cor. 9:8)

15. O Diyos, hikayatin mo nawa ang mga tao sa Japan na makinig sa mga programa ng Women of Hope, matanggap ang iyong pag-ibig at kapatawaran, at makilahok sa pananalangin gamit ang mga buwanang prayer calendar. (Isa. 52:7)

16. Ama, magbukas Ka ng mga pinto sa mga hangganan ng North Korea upang makapagpamigay muli ng mga radyo at manumbalik ang gawain doon na nahinto dahil sa COVID-19. (Eph. 2:14)

17. Panginoon, nagtitiwala kami sa iyong takdang panahon na kami'y makapagsahimpapawid rin ng mga programa ng Women of Hope sa Mongolia upang makapagbigay kaaliwan sa mga kababaihan at maakay sila sa masaganang buhay na na kay Hesus. (Ps. 16:11)

18. O Diyos, nawa ang mga walang radyo o ang mga nasa lokasyon na hindi naabot ng pagsasahimpapawid ay masumpungan at makapakinig sa mga programa ng Women of Hope sa website ng TWR Philippines. (Ezek. 3:10)

19. Marami sa Nepal ay desperado sa pinansiyal at iniisip na wala ng silbi pang mabuhay. Gapusin mo nawa ang espiritung ito ng pagpapatiwakal, Panginoon, at tulungan Mo sila na masumpungan ang kahulugan ng buhay sa Iyo. (John 6:35)

20. O Diyos, dalangin namin na magpatuloy at maging epektibo ang mga gawain ng pagmimisyon at ebanghelismo sa Vietnam kahit pa may naisabatas na nagbabawal nito. Ang Salita mo nawa at pag-ibig ang umabot sa mga tao doon. (2 Tim. 2:9)